KRITIKE VOLUME NINETEEN NUMBER THREE (JANUARY 2026) 191-214

A Tribute to Romualdo Abulad

# Mga Puná (Tungo) sa Pag-ása: Isang Pagsusuri sa Maka-Abulad na Pagpuná tungo sa Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino

***Mariefe B. Cruz***

**Abstract:** Aside from being an academic and researcher, the philosopher also faces a huge challenge of being a critique of the inhabited world. It is the aim of this paper to present a style of philosophical crtique based on the works of Romualdo E. Abulad ("maka-Abulad"), a possible development of critical Filipino philosophy. The article begins with an assessment of the current state of the discourse on Filipino philosophy—this is done by revisiting important moments in the history of critical Filipino philosophy. Next, a comprehensive discussion regarding the method and themes of Abulad's style of critique is provided. This involves an analysis of the strengths and weaknesses of Abulad's critical philosophy. It is worthwhile to examine the existing methods of critique in Filipino philosophy because this can initiate the development of an original crtical consciousnees that will undergird Filipino philosophy.

**Keywords:** Abulad, pilosopiyang Filipino, kritisismo, kritikal na pamimilosopiyang Filipino

Bukod sa pagiging akademiko at mananaliksik, malaki rin ang hámon sa isang pilosoper na tumayo bílang kritiko sa mundong kaniyang ginagalawan.[1] Bílang diskurso sa Pilosopiyang Filipino, nakapaloob ang hámon na ito sa Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino, na tinitingnan

[1] Sa igting ng hámong ito, lalo na noong simula ng ika-21 na siglo, nagsilbi itong paksáin ng Second Thomasian Philosophers' Reunion Convention noong taȯng 2002 na may temang "Philosophy as a Critique of Society & Institutions." Bílang susing-pananalita sa naturang kumperensiya, tinalakay ni Emerita Quito ang kahalagahan ng isang pilosoper bílang kritiko ng kinabibilangan niyang lipunan. Tingnan sa Emerita S. Quito, "Philosophy as a Critique of Society," sa *Karunungan: A Journal of Philosophy* (2002), 38–45.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

bílang isa sa mga diskursong may pinakamalaking potensyal na makapagpayabong ng Pilosopiyang Filipino bílang isang disiplina.

Sa taksonomiya ni F.P.A. Demeterio III, makikitang walumpu't limang porsyento (85%) ng mga pilosoper sa Filipinas ang lumilikha ng ganitong diskurso.[2] Sa daloy ng kasaysayan, maaari nating makita na kasabay ng pag-usbong ng mga bagong ideá ang siya ring pag-usbong ng iba't ibang diskurso at tunggalian hinggil sa mga ideáng ito. Ani naman ni de Leon, pinakamalaki ang potensyal na taglay ng kritikal na pilosopiya upang makapaghawan ng isang mas progresibong landasin para sa Pilosopiyang Filipino sa hinaharap.[3] Sa kabila ng pabago-bagong klima ng diskurso sa bansa, may ilang Filipinong pilosoper pa rin ang nagtuon ng kanilang pangunahing pilosopikong layunin sa pagpapaunlad ng diskursong ito, at isa na rito si Romualdo E. Abulad na aspeto ng pagpapalaganap ng kamalayang pumuna. Wika ni de Leon:

> si Abulad na siguro ang hindi tahasang nagsabi ng kaniyang layuning pilosopiko. Hindi niya deretsahang binigkas ang buong pakay niya sa pamimilosopiya. Subalit, kung mayroon táyong maaaring ituring na pangunahing sangkap na hindi nawala sa kaniyang mga isinulat, ito ay ang aspekto ng "pagpuna."[4]

Hangad kong palawigin ang talakayan hinggil sa uri ng pagpuna na isinusulong ni Abulad, na umuugat sa pangunahin niyang pilosopikong layunin, at datapwa'y mabigyang-diin ang pagmumungkahi dito bílang pamamaraang magagamit sa Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino. Upang mapalawig pa ang kabuoang argumentong ito, susubukin kong bigyang-linaw ang pangunahing suliranin ng papel na ito na nakasentro sa kung paano makapag-aambag ang isang maka-Abulad na pagpuna sa pagpapaunlad ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino.

Alinsunod dito, binubuo ng ilang bahagi ang papel na ito. Una, tatalakayin ko ang estado ng kritisismo bílang diskurso sa Pilosopiyang Filipino. Susunod dito sisikapin kong ilantag kung ano ang isang maka-Abulad na pagpuna at paano ito nakikita sa mga sinulat ni Romualdo

---

[2] Feorillo Petronillo A. Demeterio, III, "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy," sa *Phippiniana Sacra*, XLIX (May–August, 2014), 196.

[3] Tingnan Feorillo Petronillo A. Demeterio, III, "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy," sa *HINGOWA: The Holy Rosary Seminary Journal*, 8:2 (2003), 17.

[4] Emmanuel de Leon, *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino* (Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2019), 141–142.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Abulad. Panghuli sisikapin kong ipakita ang mga kahalagahan at kahinaan ng ganitong uri ng pagpuna.

## Ang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino

Sa pagdako natin sa ating talakayan hinggil sa maka-Abulad na pagpuna, tapat sa pagpapahalaga ni Abulad sa pagkakaroon ng isang 'paninging makasaysayan', kinakailangan muna nating magkaroon ng isang pagsipat sa kasaysayan ng diskurso kung saan ito nakalapat.

Subalit bago natin tangkaing sipatin ang kasaysayan ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino, kailangan muna nating bigyang-kahulugan kung ano nga ba ito. Sa mga sinuri kong teksto na nagtangkang mag-ambag sa diskursong ito, mababanaagang wala pang tuwirang naglahad ng isang pagpapakahulugan kung ano nga ba ang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino. Sa pagkakataong ito, maaari nating gawing batayan ang mga sentimyentong inilahad nina Bolaños, Demeterio, at Zialcita,[5] kalakip na rin ng sarili kong kuro-kuro bunga ng malawakang pagbabasa hinggil sa mga akdang may kinalaman sa diskursong ito, upang makabuo tayo ng isang pansamantalang pagpapakuhulugan ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino. Sa pakiwari ko, maaari nating tingnan ang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino bilang isang uri ng ugnayan sa pagitan ng pilosoper bilang kritiko at ng lipunang Filipino na kanyang sinusuri kung saan isinasailalim ng pilosoper ang lipunang ito sa isang paulit-ulit na proseso ng pagsusuri-paglalantad—isang walang hanggang pagtatangkang hubarin ang patong-patong na mga maskara ng iba't ibang aspekto ng lipunang Filipino.

Maaari nating ilapat ang simulain ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino noong panahon ng mga propagandista kung saan naging laganap ang pagbatikos ng ating mga bayani't ilustrado sa mga mananakop na Espanyol,[6] na mababanaagan sa mga subersibo at satirikal na akda ng ating mga bayani laban sa kolonyalismo at pang-aabusong mababanaagan noong mga panahong iyon. Samakatuwid, hindi unang lumutang ang diskursong ito mula sa nakasanayan nating istruktura ng mga pilosopikong papel, bagkus unang mapapansin ito sa mga naratibo, tula, satirikal na akda, at

---

[5] Tingnan Paolo A. Bolaños, "Introduction to the Special Tribute Section: Abulad, Philosophy, and Intellectual Generosity," sa *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 13:2 (2019), 1–15 at Fernando Nakpil-Zialcita, "Mga Anyo ng Pilosopiyang Filipino," sa *Mga Babasahin sa Pilosopiya: Epistemolohiya, Lohika, Wika, at Pilosopiyang Pilipino, by Virgilio Enriquez* (Manila: Philippine Psychology Research and Training House, 1983).

[6] Feorillo Petronillo A. Demeterio III, "Ang Kallipolis at Ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo Ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino sa Ang Republika Ni Platon," sa *Malay*, 24:1 (2011), 3.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

maiikling sanaysay na naghahangad mailantad ang estado ng lipunang kolonisado noon.[7]

Mula dito, makikita nating tunay na makulay nga ang mga simulain ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino at malaki ang potensyal nito sa lalong pagyabong sa pagdaan ng panahon, subalit malaki rin ang kinaharap nitong mga balakid pagpasok ng Dekada ’70—mas partikular, sa pagsisimula ng diktadurya. Ani ni Demeterio:

> Sa pagbabalik-tanaw, nagsimula lámang tahakin ng Pilosopiyang Filipino ang mundo ng politika, lipunan, kasaysayan, ekonomiya, at praxeology sa pangkalahatan, noong lumitaw ang kritikal na pamamaraan nito. Noong malupit na pinigilan ang sariwang eksperimentasyon na ito, ang trawmang inihatid ay nakaapekto sa kabuoang katangian ng Pilosopiyang Filipino at pinasinayaan ang kasalukuyang katangian nito na hiwalay sa realidad ng Filipinas.[8]

Maaari rin nating ilugar sa pagpapanahon na ito ang unti-unting pagtatanim ng mga binhi ng Pilosopiyang Filipino—mga panimulang manipestasyon ng isang uri ng pamimilosopiya na mula sa atin, na nagnanais ding maging daan upang maunawaan ang sariling atin. Makikita nating dalawang mukha ng Pilosopiyang Filipino ang sumulpot noong panahong ito: isang mukhang nakatuon sa pagtatangkang mag-ambag sa tawag ng nasyonalismo, at isang mukhang nakatuon sa pagtayo ng pilosoper bílang kritiko ng mga kasalukuyang isyung bumabalot sa kaniyang lipunan.

Pamilyar na ang kasaysayan ng Pilosopiyang Filipino sa unang mukha. Marami sa ating mga pilosoper ang nagtangkang saliksikin at bigyan ng interpretasyon ang ating pagiging Filipino. Ilang mahahalagang halimbawa na lámang dito sina Leonardo Mercado na nagtangkang ungkatin ang pilosopiyang nagmumula at nananahan sa ating kultura, kaugalian, at wika, at Florentino Timbreza na iginugol ang mayorya ng kaniyang búhay sa pananaliksik ng ating kamalayang bayan—ang ating mga salawikain at

---

[7] Tingnan Andres Bonifacio, “Ang Dapat Mabatid Ng Mga Tagalog” (1896), <http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/andres-bonifacio-ang-dapat-mabatid-ng-mga-tagalog-c-march-1896>; Emilio Jacinto, “Sa Bayang Tinubuan” (n.d.), <http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/emilio-jacinto-sa-bayang-tinubuan-undated>; at Pio Valenzuela, “Katuiran Din Naman!” (1896), <http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/pio-valenzuela-katuiran-din-naman-c-march-1896>.

[8] Demeterio, III, “Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy,” 60–61. Akin ang salin.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

kasabihan—sapagkat naniniwala siyang may taglay ang mga itong pilosopikal na pundasyon na maaari nating hanguin at kung gayon, ay maipaunawa sa antas pilosopiko ang kaisipang Filipino. Kapuwa nila sinubok unawain at bigyang kahulugan ang Filipino at kung paano ba maging Filipino. Sa proyektong ito ng paghango at pagpapaliwanag unang binuhos ng ating mga pilosoper ang kanilang oras at lakas.

Subalit kabaligtaran naman ang sinapit ng isa pang mukha ng Pilosopiyang Filipino, ang kritikal na aspekto nito. Aminado ang ating mga pilosoper na may bahid ng mga politikal na kaganapan ang nangyaring paghina ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino noong Dekada '70, at hindi natin lubos sila masisi kung bakit hindi nila itinuon sa kritikal na aspektong ito ang kanilang atensyon[9]– parehong may mga salik ng pananakot at pagkatakot, ang pagpapatahimik at pananahimik sa pag-iwas ng mga Filipinong pilosoper na makisangkot sa diskursong ito.

Sa kabila ng makaldag na lakbayin ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino, masasabi pa rin nating unti-unti na muling umigting ang diskursong ito mula nang mabansot ito noong Dekada '70. Isang panibagong 'paggising' ang kinahaharap ng ating mga pilosoper pagkatapos ng malagim na diktadurya. Sa pakiwari ko, mahahati natin sa dalawang uri ng pamamaraan ang mga tradisyon na umusbong sa muling pag-igting ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino: isang pamamaraang nakabatay sa apropyasyon ng mga banyagang teorya upang masuri ang lipunang Filipino, at isang pamamarang bunga ng likas na pagmumuni ng ating mga pilosoper hinggil sa mga isyung panlipunan na tila may mala-homilyang istruktura.

Sa unang pamamaraan, mainam na halimbawa dito ang mga iskolar na namulat sa tradisyon ng kanluraning pilosopiya, lalo't higit—subalit hindi eksklusibo—sa tradisyon ng kritikal na pilosopiya sa *Frankfurt School*. Bagaman laganap na ang diskursong ito sa iba't ibang institusyon ng pilosopiya sa Filipinas, maaari tayong magbanggit ng ilang natatanging pangalan ng mga iskolar na sumasalamin sa pamamaraang ito tulad nina Franz Giuseppe Cortez,[10] Agustin Martin Rodriguez,[11] at Jeffry Ocay.[12]

---

[9] Halimbawa na lamang dito ang testimonya ni Florentino Timbreza sa isang panayam Tingnan "Panayam kay Florentino Timbreza ni Richard Sanchez" (Manila, 31 January 2002).

[10] Tingnan Franz Giuseppe Cortez, "The Philippine Engagement with Paulo Freire," sa *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 7:2 (2013), 50–70; "The Overcoming of Violence: Paulo Freire on the Use of Violence for Social Transformation," sa *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 10: 2 (2016), 68–83; at "Towards a Freirean Liberating Pedagogy in the Philippines: Prospects in Three Filipino Intellectuals" (Dissertation, Manila, University of Santo Tomas, 2013).

[11] Tingnan: Agustin Martin Rodriguez, *Governing the Other: Exploring the Discourse of Democracy in a Multiverse of Reason* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2009) at *May Laro Ang Diskurso Ng Katarungan* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014).

[12] Tingnan Jeffry Ocay, "The Peasant Movement and Great Refusal in the Philippines: Situating Critical Theory at the Margins," sa *Kritike*, 12:3 (2019), 43–67.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Nagmumula sa isang mas matandang tradisyon naman ang pangalawang pamamaraan. Pinakamamababanaagan ang mga 'mala-homilyang kritikang' ito sa unang henerasyon ng mga Filipinong pilosoper. Bilang halimbawa, mailulugar natin sa pamamaraang ito sina Emerita Quito,[13] Florentino Timbreza,[14] Alfredo Co,[15] at Romualdo Abulad.[16] Bagaman magkaiba ang mga pamamaraan ng dalawang tradisyong ito, mababanaagan pa rin natin na iisa lamang ang kanilang tunguhin: ang tangkaing hubarin ang patong-patong na mga maskara ng iba't ibang aspekto ng lipunan tungo sa paglalantad ng mga problemang bumabalot dito.

Sa kabila ng malaking trawma na naidulot ng pagkakailalim sa diktadurya, may ilang mga pilosoper pa rin ang nagtangkang maglathala at akayin ang diskursong ito tungo sa kasalukuyang panahon. Isa na rito si Romualdo Abulad, na sa loob ng mahigit apat na dekada'y nagpagal na gampanan ang papel ng pilosoper bilang kritiko ng mga isyung bumabagabag sa kanyang lipunan. Isinakatuparan niya ito sa paglalathala ng mga kritikal na akda magmula 1976 hanggang Marso 2019—ilang buwan bago siya pumanaw—hinggil sa iba't ibang mga isyung panlipunan at pang-akademya mula noon hanggang ngayon. Bagaman sa unang sulyap, maaaring makita bilang 'mala-homilya' rin ang pakikitungo ng mga pagtatangka ni Abulad na hubaran ng maskara ang lipunan, subalit kung papatawan pa ito ng isang mas kritikal na pagbasa at pagsusuri, mababanaagan sa mga ito ang paglutang ng isang uri ng pagpunang maaari nating sabihing likas na sa kanya, na lumalampas sa 'mala-homilyang' istruktura—isang uri ng pagpunang bunga ng kritikal na tunguhin ng kanyang pamimilosopiya—ang maaari nating tawagin bilang isang 'maka-Abulad na pagpuna'.

## Ang mga Temang nakapaloob sa isang maka-Abulad na Pagpuna

Sa mga nilathala ni Abulad, mapapansing tila may sinasandigang pamamaraan ng pagpuna siya. Hindi direktang sinabi ni Abulad ang

---

[13] Bílang halimbawa, tingnan Emerita S. Quito, "Pilosopiya Ng Edukasyon Sa Diwang Pilipino," in *Malay*, 4 (1985), 1–5 at Emerita S. Quito, "Pro-Death Penalty: Here and Now," sa *Karunungan: A Journal of Philosophy*, 17 (2000), 7–8.

[14] Tingnan Florentino T. Timbreza, "Walang Kaibigan, Walang Kumpare at Walang Kamag-Anak," sa *Karunungan: A Journal of Philosophy*, 18 (2001), 1–10; "A Crisis of Ethics in Philippine Society," sa *Karunungan: A Journal of Philosophy*, 25 (2008), 133–149.

[15] Tingnan Alfredo P. Co, "Bakit, Pinoy, Bakit?" in Alfredo P. Co, *Across the Philosophical Silk Road: A Festschrift in Honor of Alfredo P. Co*, Vol. VI (Manila: UST Publishing House, 2009), 12–14.

[16] Tingnan Romualdo E. Abulad, "Mga Puna Tungo Sa Pag-asa," sa *Daop Diwa*, 2 (1978), 27–30 at Romualdo E. Abulad, "Ang Diwa at Kaisipan Ng Pilipino Sa Kasaysayan Ng Himagsikan," sa *Malay*, 5 (1986), 37–46.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

kanyang pilosopikong layunin, subalit hinuha ni de Leon na kung uusisain ang pinatutunguhan ng kanyang mga akda, maaari nating tukuyin ang layuning ito bilang misyon ni Abulad na palaganapin ang kamalayang pumuna. Tinukoy ni de Leon ang apat (4) na elementong maaaring mabanaagan sa isang maka-Abulad na pagpuna: (1) ang pagtataglay nito ng paninging makasaysayan, (2) ang pagiging bukas nito sa iba't ibang pananaw at posibilidad, (3) ang laging paalala nito sa limitasyon ng ating mga pagpuna, at (4) ang mapampulbos na katangiang taglay nito.

Mula sa mga elementong ito inaakay ni Abulad ang uri ng kritisismong nais niyang ipalaganap—isang pamamaraan ng pagpunang bukas sa iba't ibang mga pananaw, mapampulbos at walang-patawad kahit sa mga kinikilingang paniniwala, na umuugat sa isang paninging makasaysayan, at mulat sa hangganan ng kakayahan nitong pumuna. Subalit, sa pakiwari ko at batay na rin sa aking pagbasa ng mga artikulo ni Abulad, na hindi natatapos sa apat na ito ang mga elementong mababanaagan sa isang maka-Abulad na pagpuna.

Kung kayâ, nais kong susugan ang mga preliminaryong obserbasyon ni de Leon sa kanyang pananaliksik sa pamamagitan ng paglalahad ng tatlo pang elementong maaaring mabanaagan sa mga pagpuna ni Abulad: (1) ang pagpunang mula loob tungo sa labas, (2) ang palagiang presensya ng hamong nakapaloob sa kanyang mga pagpuna, at (3) ang kabigkis nitong optimismo't pag-asa sa kabila ng mapampulbos na kritisismo.

Pagdating sa "pagpunang mula loob tungo sa labas", bagaman madalas nakatuon sa mga panglabas na paksain tulad ng politika, lipunan, at kultura ang mga pagpuná ni Abulad, hindi dito nagtatapos ang kaniyang kritisismo. Mahihinuha sa kaniyang mga artikulo ang palagian niyang paalala na walang sinumang ligtas sa pagpuná—maging ang mismong pumupuná. Aniya, ang intelektuwal na patalim ng pilosoper ay "walang sinasanto, kahit ang sarili,"[17] at ang naduduwag sa pansariling kritisismo ay hindi tatagal. Makikita rito na ang pagpunang itinataguyod ni Abulad ay hindi lámang nakatuon sa lipunan o estruktura, kundi tumutungo rin sa sarili.[18] Para sa kaniya, kahangalan ang magpuná ng iba kung hindi rin isinasailalim ang sarili sa parehong mabagsik na lente. Parehong sentimyento ang tinukoy ni de Leon sa pagbása niya kay Abulad bilang pagbatikos hindi lámang sa pinapaksa kundi pati sa mismong pumapaksa.[19] Sa lubos at tapat

---

[17] Romualdo E. Abulad, "The Filipino as a Philosopher in Search of Originality," sa *Karunungan: A Journal of Philosophy*, 2 (1985), 16. Akin ang salin.

[18] Romualdo E. Abulad, "The Relevance of Critical Thinking in Contemporary Philippine Society," sa *Scientia* 6:1 (2017), 36.

[19] Emmanuel de Leon, "Sulyap Sa Kritisismo Ni Romualdo Abulad Sa Pamimilosopiyang Filipino," sa *Hasaan* (2019), 29.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

na kritisismo sa sarili nagiging malinaw ang mga limitasyon ng ating nalalaman at nasasaklaw.[20]

Makikita rin dito ang impluwensiyang Kantiano, lalo na ang pagtungo sa loob sapagkat ang kaalaman ay laging nasa hangganan ng ating katwiran.[21] Sa pagsasailalim ng sarili sa kritisismo, napagtatanto natin ang hangganan ng ating kayang maláman. Bukod sa impluwensiya ni Kant, umuugat din ang elementong ito sa pagpapakiwari ni Abulad na ang sakit at hinaing ng indibidwal ay tumatawid sa sakit at hinaing ng lipunan—na ang tunay na kalagayan ng bansa ay mababása sa dinaramdam ng pangkaraniwang mamamayan.[22] Samakatuwid, kinakailangan ang pagpunang nagmumula sa loob tungo sa labas upang maunawaan ang hinaing ng sarili na siya ring maaaring pinagmumulan ng hinaing ng kabuoan; at sa pagkilala sa kakulangan at kalabisan ng sarili, lalo táyong namumulat sa kakulangan at kalabisan ng lipunan na nararapat din nating tugunan.

Bukod sa nauna nang tinalakay, hindi mawawala sa maka-Abulad na pagpuná ang palagiang paglalahad ng hámon. Subalit, hindi lámang ito nakagawiang mungkahi kung ano ang "dapat gawin" upang solusyonan ang mga problemang nailalatag ng kritisismo. Tulad ng pagpapakiwari ni Abulad na bahagi rin ng kritisismo ang mismong pumupuná, kasama rin ang kritiko sa mga hámong kaniyang inilalahad. Kumbaga, tumatagos ang mga hámon na ito tungo sa isang kolektibong paghahámon.

Ilan sa mga ito ang paulit-ulit niyang pagdidiin na may pangangailangang matuklasan ang potensiyal sa likod ng kasalatan ng mga Filipino sa kultura at kasaysayan;[23] na makilala muna ng mga Filipino ang kanilang mga sarili bago unawain ang kanilang bayan;[24] na muling suriin ang ating mga paniniwala at pagpapahalaga;[25] na mangahas ng kritikal na

---

[20] Romualdo E. Abulad, "Kant's Philosophy of Man," sa *Sophia*, 20 (1990), 21.

[21] Romualdo E. Abulad, "Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy," sa *Sophia*, 16 (1986), 48.

[22] Romualdo E. Abulad, "Ang Pulitika Ni Quezon Sa Pananaw-Pilosopo," in *Ang Pulitika Ni Quezon at Iba Pang Sanaysay,* ed. by Marcelino A. Foronda Jr. (Manila: De La Salle University, 1977), 4, 12.

[23] Abulad, "Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy," 57; Romualdo E. Abulad, "Confucianism and Filipino Culture: Two Cultures in Dialogue," sa *Scientia*, 5:2 (2016), 3.

[24] Romualdo E. Abulad, "Options for a Filipino Philosophy," sa *Karunungan*, 1 (1984), 26; Abulad, "Mga Puna Tungo Sa Pag-asa," 30; Romualdo E. Abulad, "Contemporary Faces of Evil," sa *PAP Conference Papers III* (2008), 7.

[25] Abulad, "Kant's Philosophy of Man," 16; Romualdo E. Abulad, "Ethics, Indigenous Ethics, and the Contemporary Challenge: Attempt at a Report on Ethics for the Filipino Today," sa *Scientia*, 8:1 (2019), 17; Romualdo E. Abulad, "Filipino Postmodernity: Quo Vadis?," sa *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 13:2 (2019), 52.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

pagtanaw sa buhay at lipunan;[26] na makabuo ng isang orihinal na pilosopiyang pinanday ng sarili nating mga pilosoper;[27] na magpaalab ng sigasig at disiplina sa pananaliksik upang makapag-ambag sa pilosopiyang ito;[28] at na tumugon sa tawag ng "muling pagbubuo ng bansa" mula sa pagkakasadlak dulot ng diktadurya.[29]

Bukod sa hámong taglay ng pagpuná, mayorya sa mga akda ni Abulad mula 1976 hanggang 2019 ay kaakibat ang isang optimismong nakasunod sa mga hámong ito: ang konsepto ng pag-ása.[30] Sa dulo ng kaniyang mga pagpuná, mababanaagan ang paghahangad niya sa potensiyal ng hinaharap at ang pag-ásang may tutugon at may magbabago't yayabong balang araw. Samakatuwid, optimistiko rin si Abulad sa proseso at bunga ng kritisismo.[31]

Makikita dito ang pagtangi niya sa kakayahan ng kritisismong makapagpalutang ng pinakamahusay na proyekto ng mga pilosoper at maging kasangkapan sa pagsulong ng pilosopiya. Sa elemento ng optimismo tunay na maitatangi ang isang maka-Abulad na pagpuná. Bagaman mapampulbos ang kaniyang pamamaraan, hindi ito nagtatapos doon: sa paglalantad ay maaaring may mas matatag na estrukturang mabuo. Tilabaga ipinapahiwatig niya na hindi tayo *hanggang dito lámang* at kailangang mayanig ang ating mga paniniwala upang mas mapabuti ang mga ito. Kumbaga, unang hakbang lámang ang kritisismo sa proseso ng pagbabago at hindi ang katapusan ng lahat.

---

[26] Abulad, "Mga Puna Tungo Sa Pag-asa," 30; Abulad, "The Relevance of Critical Thinking in Contemporary Philippine Society," 63–64.

[27] Romulado E. Abulad, "Pilipino Sa Pilosopiya," sa *DLSU Dialogue*, 11:1 (1976), 166; Abulad, "Options for a Filipino Philosophy," 18; Abulad, "Ang Diwa at Kaisipan Ng Pilipino Sa Kasaysayan Ng Himagsikan," 46; Abulad, "Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy," 62; Quito, "Pulong-Isip: Meeting of Filipino Minds," 16.

[28] Abulad, "The Filipino as a Philosopher in Search of Originality," 18; Romualdo E. Abulad, "Contemporary Filipino Philosophy," sa *Karunungan*, 5 (1988), 10; Romualdo E. Abulad, "Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino," sa *Karunungan*, 8 (1991), 13; Romualdo E. Abulad, "Freedom in Times of Crisis," sa *UNITAS*, 74:1 (March 2001), 148; Romualdo E. Abulad, "Doing Philosophy in the Philippines: Towards a More Responsive Philosophy for the 21st Century," sa *Suri* 5:1 (2016), 8, 16.

[29] Abulad, "Ang Diwa at Kaisipan Ng Pilipino Sa Kasaysayan Ng Himagsikan," 45; Romualdo E. Abulad, "Postmodern Critique and the Ethics of Postmodernism," sa *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism* (University of Santo Tomas Publishing House, 2004), 90–91.

[30] Ginagamit ko nang magkaugnay ang salitang "optimismo" at "pag-ása." Sa pagkakaroon ng pag-ása para sa isang hinaharap, may kalakip din itong optimismo para sa hinaharap na ito, sapagkat hindi umiiral ang pag-ása mula sa isang pesimistikong pagtanaw. Kumbaga, kapag umaasa ang tao, siya'y may taglay pa ring optimismo para sa kung anoman ang kanyang inaasahan. Samakatuwid, magkabigkis ang dalawang konseptong ito.

[31] Tingnan Romualdo E. Abulad, "Pilosopiyang Pinoy: Uso Pa Ba? The Relavance of Filipino Philosophy in Social Renewal," sa *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 13:2 (2019), 22.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Batay sa mga elementong inilahad na maaari nating matagpuan sa isang maka-Abulad na Pagpuna, mahihinuha nating malakas ang impluwensyang Kantiano sa pagkakabuo—malay man o hindi—ni Abulad sa paraan niya ng pagpuna. Halaw sa pagtangi ni Immanuel Kant sa kahalagahan ng isang uri ng kritisismong mapampulbos at walang pinalalagpas, na nakatuon hindi lamang sa mga bagay na sinusuri bagkus pati ang mismong sumusuri, na nagpapaalala palagi sa hangganan ng ating kakayahang pumuna, masasabi nating tunay na nakasubaybay si Abulad sa isang Kantianong pagpuna.

Subalit, sa pakiwari ko, hindi lamang paglalapat sa Kantianong pagpuna ang ginagawa ni Abulad, bagkus may pag-aangking nagaganap sa tuwing ikinakasangkapan ni Abulad ang ganitong uri ng pagpuna at hinahaluan ng sarili niyang pamamaraan. Ebidensya na rito ang palagiang magkabigkis na hamon at optimismo na matatagpuan sa kanyang mga pagpuna. Samakatuwid, hindi lamang natatapos sa pagpupulbos ang isang pagpunang maka-Abulad, bagkus naghahangad din itong makiisa sa pagtatangkang muling kumpunihin ang tinangkang pulbusin ng kritisismo nang may optimistikong pagtanaw sa bunga ng muling pagkukumpuni na ito. Kung kaya, maaari natin makita dito ang isang pamamaraang pakiwari ko'y tunay na katangi-tangi kay Abulad, na pansamantala kong babansagan bilang pamamaraang 'puná-hámon-pag-ása'.

## Ang maka-Abulad na Pagpuna bílang Pamamaraan: Ang Pamamaraang Puná-Hámon-Pag-ása

Mula sa mga inilahad na preliminaryong obserbasyon hinggil sa mga elementong nakapaloob sa isang maka-Abulad na pagpuná, iminumungkahi kong maaari nating isailalim ang mga ito sa tinatawag ko sa ngayong isang pamamaraang "puná-hámon-pag-ása." Sa mababanaagang pamamaraan na ito sa mga akda ni Abulad, nagsisimula si Abulad sa isang pagbabaliktanaw sa kasaysayan ng paksain ng kanyang kritisismo. Maaari nating makita ang pinagkaiba ng kanyang pamamaraan, sapagkat pagkatapos ng paglalatag ng mga punang ginabayan ng paninging makasaysayan, nagsisimulang maghain ng mga hamon si Abulad batay sa kung ano ang maaaring gawin o hindi gawin bunga ng ginawang pagpuna—*isang hámong umuugat paloob bago lumabas*, parabagang ipinapaalala niya na kinakailangan muna nating suriin at pagnilayan ang sarili nating mga pakikibaka bago tayo tumungo sa labas at sumama sa mas malawak na pakikibaka kasama ng iba. At lagi't laging kabigkis ng mga inihahaing hamong ito ang elemento ng pag-asa, pagiging optimistiko sa nilalaman ng hinaharap, na hindi lamang nababara ang kritisismo bilang antagonismo ng kasalukuyan at nakaraan, subalit maaari

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

rin itong magsilbi bilang nag-aalab na sulo para sa mas mainam na hinaharap.

Pakiwari ko, lubusan lamang mababanaagan ang manipestasyon ng mga elementong nakapaloob dito at ang pamamaraan nitong 'puná-hámon-pag-ása' sa isang kritikal na pagbasa sa mismong mga akda ni Abulad na sumasalamin sa mga ito. Magbigay tayo ng halimbawa sa apat na temang lumulutang sa mga akda ni Abulad: (1) ang usapin ng kultura, pagpapahalaga, at kasaysayan; (2) ang kanyang mga kuro-kuro hinggil sa hinaharap ng Pilosopiyang Filipino; (3) ang pagpuná niya sa mga proyekto ng kanyang mga kontemporaneo at ang mga kontemporaneong pagpuná sa kanya; at (4) ang mga pananaw niya sa politika, lalo't higit ang kanyang pagtanaw dito mula sa lente ng postmodernismo.

## *Kultura, Pagpapahalaga, at ang Paggiling ng Kasaysayan*

### Puná

Isa sa pinakamatingkad na paksain ni Abulad ang pagsusuri sa ating kasaysayan, lalo na sa pangmatagalang epekto ng kolonisasyon. Para sa kaniya, mga biktima pa rin tayo ng paggiling ng kasaysayan, dahil sa daantaong pagpapasasaad ng iba't ibang dayuhan, patuloy tayong naghahanap ng sariling identidad at tila wala pa ring tiyak na "sarili."[32] Sa kaniyang mga salita: "kulturang hilaw, kasaysayang walang kasaysayan, at kayamanang sinalo ng iilan— tila wala pa tayong tunay na maipagmamalaki."[33] Dito lumilitaw ang pagdududa ni Abulad sa mga pinanghahawakan nating pagpapahalaga na produkto ng kolonyal na paghubog. Ang tinatawag niyang "panlipunang kanser"[34] ay makikitang gumagapang sa ating pag-iisip: pagkiling sa dayuhan, pagdakila sa salapi, at pangarap na laging nakatanaw sa labas. Kabilang dito ang tanong niya sa ating "hospitality," na para sa kaniya ay maaaring nakaugat sa kolonyal na paghanga at hindi sa tunay na kabutihang-loob.[35] Kaakibat nito ang paghahanap ni Abulad sa ating mga "monumento"—mga hindi maikakailang tanda ng ating potensiyal.[36] Para sa kaniya, isa lamang ang malinaw na monumento ng kadakilaang Filipino: ang rebolusyon sa EDSA.

---

[32] Tingnan Abulad, "Mga Puna Tungo Sa Pag-asa," 27–30.

[33] Abulad, "Ang Diwa at Kaisipan Ng Pilipino Sa Kasaysayan Ng Himagsikan," 40.

[34] *Ibid*., 44.

[35] Abulad, "Mga Puna Tungo Sa Pag-asa," 29–30.

[36] Ayon kay Abulad, ang mga "monumento" na kanyang hinahanap ay yaong mga hindi maipagkakailang tanda ng potensiyal na kadakilaan ng mga Filipino. Naniniwala si Abulad na may mga hindi pa napagtatantong potensiyal ang mga Filipino, at kinakailangang makilala ang mga potensiyal na ito upang makausad tayo sa proyekto ng ating sariling pagkakakilanlan. Tingnan Abulad, "Contemporary Filipino Philosophy," 1.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Nakita niya ito bilang rurok ng kolonyalismong dinanas natin, kung saan ang diktadura ni Marcos ay naging simbolo ng huling yugto ng pagkaalipin. Sa pagbuwag sa rehimeng ito, nakita ni Abulad ang kongkretong manipestasyon ng kakayahan ng mga Filipino na magkaisa para sa isang kolektibong mithiin, kahit bitbit nito ang bagong pagkabalisa para sa hinaharap.[37]

### Hámon

Upang tugunan ang kawalang-katiyakan ng ating kinabukasan, naglatag si Abulad ng tatlong hámon. Una, kailangan nating tumindig at mag-isip nang magkakaisa sa halip na manatiling nakasandig sa mga pamantayang maka-dayuhan; kasama rito ang pagpapahusay sa ating mga sariling lárang.[38] Ikalawa, kailangan nating itaas ang antas ng ating pag-unawa upang makilala ang ating tunay na sarili—isang gawaing nag-uugat sa pagkakaroon ng kritikal na kamalayan na pumupuna sa mga lisyang kalakaran.[39] Sa pamamagitan ng pag-unawa sa ugat ng ating mga dinaramdam, mas mauunawaan natin ang kasalukuyan at ang magiging direksiyon natin. Ang ikatlo at pinakamatalim na hámon: ang paghahanap ng isang pilosopiya na tunay na atin.[40] Naniniwala si Abulad na may nawawalang mithiing dapat nating matuklasan—isang pilosopiyang magsisilbing gabay at pag-asa ng ating pagkabansa.

### Pag-ása

Bagaman mariin ang puna ni Abulad sa kawalan natin ng maipagmamalaking kasaysayan, dito rin tumutubo ang kaniyang optimismo. Para sa kaniya, dahil hindi tayo nakapirmi sa iisang ideolohiya o tradisyon, bukás tayo sa posibilidad na lumikha ng sariling pilosopiya.[41] Ang ating kawalan—ng kasaysayan, ng tiyak na kultura, ng matatag na pagpapahalaga—ay maaari rin umanong maging lakas, sapagkat binubuksan nito ang daan upang humawan tayo ng bagong landasin. Sa ganitong pananaw, nagiging posible ang pagkabuo ng isang tunay na Pilosopiyang Filipino sa hinaharap.

## *Ang Pilosopiyang Filipino sa Hinaharap*

---

[37] Abulad, "Diwa at Kaisipan Ng Pilipino Sa Kasaysayan Ng Himagsikan," 42.
[38] *Ibid*., 46.
[39] Abulad, "Mga Puna Tungo Sa Pag-asa," 30.
[40] Abulad, "Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy," 59.
[41] *Ibid*., 57–58.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

## Puná

Ilang dekada nang nagpapatuloy ang debate hinggil sa pag-iral ng Pilosopiyang Filipino, at nasaksihan mismo ni Abulad ang takbo nito mula Dekada '70 hanggang sa panahong iminungkahi niyang paglamayan na ang katanungang ito.[42] Kaya sa mga unang akda niya, tahasan niyang sinabing wala pa tayong ganap na Pilosopiyang Filipino. Sa kaniyang "Options for a Filipino Philosophy" (1984), iginigiit niyang bagaman dalawang henerasyon na ng guro ang dumaan, wala pa ring pilosoper na may internasyonal na kalibre, marahil dahil nababara tayo sa eksposisyon ng mga banyagang teorya.[43] Gayunman, nakikita niya ang pagkamulat ng mga pilosoper sa kanilang pagiging tagapagsalita ng Kanluranin. Dito niya tinukoy ang inklinasyong regresibo at progresibo: ang una—ekspositoryo, antropolohikal, historikal—ay pawang paglalahad ng umiiral na tradisyon; ang ikalawa naman ay pagtatangkang lumikha ng bagong sistemang pilosopikal. Para kay Abulad, nananatiling nangingibabaw noon ang regresibong pamamaraan.[44] Pagsapit ng 2016, pinino niya ito sa dalawang aspekto: antropolohikal at eksplorasyon. Pinuna niya ang apropyasyon ng teorya na nagiging dahilan umano ng pagkalabnaw ng pilosopikal na laman at ng pagbagsak ng internasyonal na antas.[45] Gayundin, binansagan niya ang antropolohikal na metodo bilang "alibughang anak" dahil sa tendensiyang paulit-ulit na bumalik sa inaakalang "dalisay" na nakaraan imbes na humakbang pasulong.[46]

## Hámon

Batay sa paniniwala niyang wala pa tayong sariling kasaysayan at "katutubong" pilosopiya, itinutulak ni Abulad ang mga Filipinong pilosoper na sila mismo ang magtatag ng isang pilosopiyang taal sa atin. Kinakailangan, wika niya, ang pagbalik at pagsusuri sa nakaraan habang pinagninilayan ang tawag ng kasalukuyan upang matukoy ang magiging direksiyon natin.[47] Kailangang katawanin ng lilikhain nating Pilosopiyang

---

[42] Cf. Alfredo P. Co, "In the Beginning... A Petit Personal Historical Narrative of the Beginning of Philosophy in the Philippines," in *Across the Philosophical Silk Road: A Festschrift in Honor of Alfredo P. Co - Doing Philosophy in the Philippines and Other Essays*, Vol. VI (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2009), 39–40 at Abulad, "Doing Philosophy in the Philippines: Towards a More Responsive Philosophy for the 21st Century," 1.

[43] Abulad, "Options for a Filipino Philosophy," 17.

[44] *Ibid*., 23.

[45] Abulad, "Doing Philosophy in the Philippines: Towards a More Responsive Philosophy for the 21st Century," 3.

[46] *Ibid*., 17.

[47] Abulad, "Options for a Filipino Philosophy," 26.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Filipino ang pinakamatingkad na idea at pagdanas ng mga Filipino, at dapat ding luwagan ang mahigpit na kapit sa mga banyagang higante upang matutunan din nating maging "higante" sa sarili nating batayan. Sa pagpapanday ng sariling kalinangan nakasalalay ang pag-usbong ng isang pambansang pilosopiya.[48]

### Pag-ása

Hindi naman itinatanggi ni Abulad ang kahalagahan ng pag-aaral ng banyagang teorya. Para sa kaniya, kinakailangan ito habang hindi pa tayo ganap na nakatatayo sa sarili nating pilosopikal na paa. Sa kabila ng kaniyang mga puná, nananatili ang tiwala niyang darating ang panahon na makasasabay tayo sa internasyonal na diskurso—hindi na bilang tagasunod kundi bilang kapantay.[49] Tinitiyak niyang bagaman nagsisimula pa lamang ang ating gawain, may sapat na dahilan upang manatiling puno ng pag-ása para sa hinaharap ng Pilosopiyang Filipino.[50]

## *Pagpuna sa mga Kontemporaneo*

### Puná

Bukod sa kaniyang malawakang puná sa kalagayan ng Pilosopiyang Filipino, kilala rin si Abulad bilang kritiko ng mga proyekto ng kaniyang mga kontemporaneo. Isa sa mga pangunahing halimbawa ang pagbása niya kay Florentino Hornedo sa *The Power to Be* (2000). Kinilala niya ang akda bilang ambag sa paghihilom at muling pagbubuo ng bayan bagaman naisulat ito ni Hornedo bago pa man ang rebolusyon sa EDSA,[51] at bilang pagtatangkang lumikha ng sistematikong pilosopiyang Filipino. Subalit pinuna niya ang kawalan ng kongkretong depinisyon ng "kalayaan" at ang paggamit ni Hornedo ng pamamaraang mas literaryo kaysa penomenolohikal.[52] Gayunpaman, itinangi niya ang akda bilang seryosong pilosopikal na gawain at manipestasyon ng "katapangan" ni Hornedo na ihain ang kaniyang palaisipan sa kritisismo.[53] Katulad nito, hindi nagbago ang sentimyento ni Abulad sa mga akda ni Leonardo Mercado sa kaniyang tatlong pagsusuri Para kay Abulad, nakasandig si Mercado sa antropolohikong pamamaraan at sa pagtatangkang bumuo ng "pilosopiya ng taumbayan," na marapat sanang

---

[48] Abulad, "Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy," 62.
[49] Abulad, "The Filipino as a Philosopher in Search of Originality," 17.
[50] Quito, "Pulong-Isip: Meeting of Filipino Minds," 16.
[51] Abulad, "Freedom in Times of Crisis," 143.
[52] *Ibid*., 145–146.
[53] *Ibid*., 148.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

iatas sa antropolohiya.[54] Mula sa linyang ito ng pag-iisip hango rin ang pahapyaw na pagpuná niya kina Alejo at Timbreza na gumagamit ng antropolohikong lente.[55]

Sa kaniyang mga artikulo, tinangkang gambalain ni Abulad ang kaniyang mga kontemporaneo, subalit mababanaagan na tila walang direktang tumugon sa mga panggagambalang ito. Maaaring may sagutan sa mga kumperensya, ngunit sa pagsusuyod ng mga lathalain, wala pang matatagpuang tugon sa kaniyang mga puná. Maaaring ito ang isang kulang na sangkap sa pagbuo ng kultura ng tunggalian sa Pilosopiyang Filipino—ang hindi natin pagharap sa dapat harapin at ang kawalan ng tugon kapag tayo'y ginagambala. Kalakip ng pag-amin sa pagkukulang ang pagsulong ng diskurso: na may kailangan pang punan, may maaaring idagdag ng iba, at may maiuusad pa ang usapan. Sa ganitong estado nagiging buháy ang talastasan sa anumang problematikong inihahain sa pilosopiya.

Bagaman maaaring hindi tumalab ang "panggagambala" ni Abulad sa kaniyang mga kakontemporaneo upang magbukás ng mainam na talastasang pilosopiko, masasabi nating tumalab naman ang "panggagambalang" ito sa kaniyang mga mambabasá sa kontemporaneong panahon, lalo't higit pagdating sa mga sentimyento ni Abulad hinggil sa politika at postmodernismo. Sumiklab ang pinakamalawak na debate sa politika at etika sa pagbása kina Abulad nina Imbong, Abellanosa, at Festin. Para kina Imbong at Abellanosa, antagonistiko ang pagbása ni Abulad kay Machiavelli, na inilarawan niya bilang sagisag ng "strongman politics."[56] kaya binuo niya ang konsepto ng "lampas-Machiavelli," subalit pinagtalunan nina Imbong at Abellanosa ang posibilidad ng "politikang walang kapangyarihan" at ang paglampas sa politika sa pamamagitan lamang ng paglampas kay Machiavelli.[57] Liban kina Imbong at Abellanosa, marahil ang pinakamaigting na polemika hinggil sa kontrobersyal na "apolohiya" ni Abulad hinggil sa politika ni Duterte ay ang pagpuna ni Festin sa artikulo ni Abulad na "Why President Duterte Could Be Correct" (2017), na nagtangkang bigyang-matuwid ang EJK sa pamamagitan ng Kantian good

---

[54] Tingnan Abulad, "Doing Philosophy in the Philippines: Towards a More Responsive Philosophy for the 21st Century," 6 at Abulad, "Pilosopiyang Pinoy: Uso Pa Ba? The Relavance of Filipino Philosophy in Social Renewal," 8.

[55] Upang masipat ang talakayang ito ni Abulad, maaaring tingnan Abulad, "Pilosopiyang Pinoy: Uso Pa Ba? The Relavance of Filipino Philosophy in Social Renewal," 21–27.

[56] Regletto Aldrich D. Imbong, "Abulad's Post-Machiavelli and his Apology for Duterte," sa *PHAVISMINDA Journal* (2019), 79, 84 at Rhoderick John S. Abellanosa, "Niccolo Machiavelli and the Possibility of the Post-political," sa *PHAVISMINDA Journal* (2019), 53.

[57] Abellanosa, "Niccolo Machiavelli and the Possibility of the Post-political," 59–60, 71–72; Imbong, "Abulad's Post-Machiavelli and his Apology for Duterte," 83.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

will at Nietzschean transvaluation of values.[58] Binigyang-diin ni Festin ang panganib ng argumentong nagmumungkahing maaaring "mabuti" ang pagpatay batay sa konteksto, lalo't iniiwasan ni Abulad banggitin ang salitang "tao."[59]

## Hámon

Mula sa kabuuan ng mga puná ni Abulad, lumilitaw ang kaniyang pangunahing hámon: ang pagtalima sa pamimilosopiyang hindi nababara sa antropolohikong pamamaraan. Para sa kaniya, hindi sapat ang pag-uungkat ng nakaraan at ang mabilisang paglalapat ng empirikal na datos tungo sa malalaking konklusyon. Kailangan nating buwagin ang monopolyo ng pag-iisip na ang Pilosopiyang Filipino ay dapat magmula sa antropolohiyang konteksto lamang. Hinihikayat ni Abulad ang mga pilosoper na manatiling bukás sa iba't ibang pamamaraan at maging masigasig sa pagsusulat, sapagkat sa pagpapalathala lamang maisasailalim sa kritisismo ang kanilang mga proyekto. Sa kritisismong ito, aniya, yumayabong ang pilosopiya— sa talastasan, sa pagtutuwid, at sa patuloy na paghubog ng pinakamahusay na bersyon ng ating mga ideá. Ngunit binabanaagan din niya ang kakulangan ng direktang pagtugon sa mga puná, na maaaring dahilan kung bakit hindi mahinog ang kultura ng tunggalian sa Pilosopiyang Filipino.

## Pag-ásà

Bagaman tila hindi tumalab ang panggagambala ni Abulad sa kaniyang mga kontemporaneo, malinaw namang tumalab ito sa susunod na henerasyon ng mga mambabasa. Sa partikular, nagbunsod ang kaniyang mga sulatin hinggil sa politika at postmodernismo ng bagong talastasan sa mga kabataang pilosoper, na siyang nagpatuloy ng kaniyang mithiin: ang pagbubukas ng espasyo para sa puná, hámon, at pag-ása tungo sa pagyabong ng isang Pilosopiyang Filipino. Sa pamamagitan ng mga debate na umusbong sa mga sulat ni Abulad, naging malinaw ang katuparan ng pag-ásang inihasik niya—na sa pagsasailalim natin sa puná sa isa't isa, unti-unting naitataguyod ang kultura ng tunggalian at kritikal na pag-iisip na kinakailangan para sa hinaharap ng Pilosopiyang Filipino.

---

[58] Raymun J. Festin, "Duterte, Kant, and Philosophy," sa *PHAVISMINDA Journal*, 16 and 17 (2018), 61.

[59] Inaargumento ni Festin na maaaring tingnan ang mga katagang ito (nang hindi sinasama ang salitang "tao") bílang maaari, kung titingnan mula sa konteksto ng pagpatay sa hayop upang gawing pagkain halimbawa.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

*Politika at Postmodernismo*

## Puná

Hindi maihihiwalay ang politika sa dominante at pinakakontrobersiyal na paksain ni Abulad. Sa bahaging ito lumilitaw ang kaniyang pinakamatingkad na puná: mula sa pagtawag pansin sa pamamahala ng mga pangulo ng Filipinas hanggang sa kaniyang pagtanaw sa politika mula sa lente ng postmodernismo— na naging pundasyon ng kaniyang "apolohiya" para sa rehimen ni Rodrigo Duterte.

Nagsimula ang kaniyang puná kay Quezon, na para kay Abulad ay nagtaguyod ng mababaw na demokrasya dahil hindi ito nakaugat sa pilosopikal na pag-unawa.[60] Kalayaan na "hiniram" at hindi inangkin ang nakita niya sa panahong ito, bunga ng pag-iral ng pulitikang Amerikano sa bansa. Sa ganitong konteksto, tila hindi tumutugma ang pamamahala ni Quezon sa pangangailangan ng lipunang Filipino. Pinakamatindi ang kaniyang mga naging puna kay Marcos Sr., na binansagan niyang rurok ng kolonyalismo at simbolo ng pagkaalipin. Kaya itinuturing niya ang EDSA bilang sukdulan ng pagtitimpi at tunay na pamamaalam sa nakaraan.[61] Subalit taliwas dito, nakita niya kay Estrada ang pagtatangkang ibalik ang kulturang korapsyon,[62] samantalang naging mas mabigat ang kaniyang reserbasyon ngunit bahagyang may pag-asa sa pagpasok ng rehimeng Arroyo at Aquino.[63] Sa ganitong daloy umusbong ang konsepto ni Abulad ng postmodernismo bilang bagong yugto ng kasaysayan, bilang panahon ng pagbubukas, sanga-sangang posibilidad, at pagtalikod sa kolonyal na pag-iisip.[64] Dito rin nakaugat ang kaniyang pagsusuri sa politika: ang

[60] Abulad, "Ang Pulitika Ni Quezon Sa Pananaw-Pilosopo," 1; 6-7.

[61] Abulad, "Contemporary Filipino Philosophy," 2 at Abulad, "Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino," 26.

[62] Abulad, "A Philosopher's View from EDSA," sa *Karunungan*, 18 (2001), 11.

[63] Abulad, "Contemporary Faces of Evil," 4 at Abulad, "Filipino Postmodernity: Quo Vadis?," 53.

[64] Mula sa koleksiyon niya ng mga akda, mababanaagang tinatanaw ni Abulad ang postmodernismo bílang isang kamalayan, pamamaraan ng pag-iisip at pamumuhay, at perspektiba na nagpapakahulugan sa pananaw ng isang tao sa kaniyang realidad at pag-iral. Aniya, kinakatawan ang panahon na ito ng pagiging bukás, inklusibo, holistiko, dinamiko, buháy, global, pakikisangkot sa diyalogo, at pagpapanday ng koneksyon sa isa't isa. Samakatuwid, mula sa ganitong pagtanaw sa postmodernismo umuugat ang mga hámon ni Abulad hinggil sa muling pagsisimula at pagkukumpuni ng isang "bagong" lipunang Filipino. Tingnan Romualdo E. Abulad, "What Is Postmodernism?," in *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism*, 19; "What Is Postmodernism?," 33; Romualdo E. Abulad, "Origen's Contra Celsum: A Touch of Postmodernism," sa *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism*, 194; at "Filipino Postmodernity: Quo Vadis?," 47.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

paglalampas sa maka-Machiavellian na politika ng kapangyarihan tungo sa isang etikal na politika na nakasentro sa diskurso at diyalogo.

Mula sa ganitong pagtanaw natin mababasa ang apolohiya ni Abulad kay Duterte. Pinanindigan niya ang pagluklok kay Duterte ay hudyat ng "vox populi, vox Dei" at maaaring tugon sa krimen, korapsyon, at droga kung bibigyan lamang ng pagkakataon ang kaniyang pamumuno.[65] Kahit mulát siya sa mala-diktador na tendensiya ni Duterte, iginigiit ni Abulad na maaaring "etikal at relihiyoso" ang pangulo kung matututo tayong tumingin lampas sa pagmumura at karumal-dumal na patayan.[66] Mula rito iniuugnay niya ang pagiging "makatwiran" ng pagpatay sa konteksto ng mabuting kalooban (good will).[67] Idinaragdag pa niya ang posibilidad ng pagbabago ng kahulugan ng karapatang pantao sa panahong ito.[68] Sa ganitong lohika tumitindi ang kontrobersiya: maaaring basahin ang kaniyang mga pahayag bilang pagtatangkang udyukan ang mambabasá na magpuná, ngunit maaari rin itong basahin bilang tahasang apolohiya sa laganap na EJK.

## Hámon

Sa kabila ng kaniyang matinding puná, nananatili kay Abulad ang hámon ng muling pagsisimula na dala ng EDSA— isang blangkong pahina na nangangailangan ng ambag ng bawat Filipino. Ang optimismong ito ay lumulutang sa kaniyang pagtanaw na ang postmodernismo ay panahon ng bukás, dinamiko, at holistikong pag-iisip, at dito nakaugat ang kaniyang mga hámon: ang pagkukumpuni ng lipunan, ang pagsasabuhay ng diyalogo, at ang pag-aangkin ng bagong direksyon lampas sa kolonyal na politika. Dito rin niya muling binalikan ang dalawang sangkap ng postmodernong kamalayan: ang *via negativa*, ang pampupulbos at pagwasak ng lahat— pati na rin ng mga paboritong paniniwala—at ang *via positiva*, ang muling pagtatayo matapos ang pampupulbos. Halimbawa niya sina Nietzsche, Marx, at Freud, na sa kabila ng kanilang matatalim na puná ay nakadirekta sa positibong pagbabago. Ganito rin ang nais niyang makita sa lipunang Filipino: ang dumaan sa pagtitibag at muling pagbuo upang paghandaan ang isang bagong panahon na bukás ang isip sa politika at kritikal. Sa ganitong konteksto rin lumilitaw ang kaniyang mga pasubali: ang pangangailangang

---

[65] Tingnan Abulad, "Martial Law and Religion," sa *Scientia*, 6:2 (2017), 54; Abulad, "Filipino Postmodernity: Quo Vadis?," 52; Romualdo E. Abulad, "Why President Duterte Could Be Correct," sa *King's Clarion* (17 June 2016).

[66] Abulad, "Martial Law and Religion," 55.

[67] Abulad, "Ethics, Indigenous Ethics, and the Contemporary Challenge: Attempt at a Report on Ethics for the Filipino Today," 8.

[68] Abulad, "Martial Law and Religion," 57.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

makinig, manalig sa posibilidad ng pagbabago, at bigyang-puwang ang mga pinunáng maaaring humawan ng bagong landasin.

### Pag-ása

Kung mapapansin, kalakip ng mga halimbawang ito ang mga manipestasyon din ng pag-igting ng optimismong tinataglay ni Abulad mula sa mga akda niya noong Dekada '70 hanggang sa mga huli niyang akda sa ika-21 siglo, kung saan nabanaagang narating ng optimismong ito ang kanyang rurok at datapwa'y kabalintunaan sa kontrobersyal na apolohiya ni Abulad para sa rehimeng Duterte: maaaring mahalaga ito bilang udyok sa kritikal na pag-iisip, ngunit maaari rin itong maging delikado kapag ginamit bilang depensa sa karahasan ng estado. Sa isang banda, ito ay pagpapatuloy ng kaniyang puna-hámon-pag-ása: tinatawagan niya ang mambabasa na mag-isip, magtanong, at magnilay. Sa kabilang banda, nagiging babala rin ang kaniyang optimismo sapagkat makikita sa reaksyon ng mga iskolar na maaaring mauwi ang ganitong pananaw sa isang apolohiyang politikal na tumatalikod sa kritisismo. Gayunpaman, nananatili ang aral na nais ibahagi ni Abulad na sa politika man o pilosopiya, kinakailangan ang patuloy na paghimay, pagtutol, pagtatanong, at muling pag-asa upang makabuo ng isang lipunan at pilosopiyang Filipino na tunay na atin.

## Pagbubuod: Ang Kahalagahan at Potensyal ng maka-Abulad na Pagpuná

Sa ginawang pagsusuri sa maka-Abulad na pagpuná at sa mga manipestasyon nito sa mga akda ni Abulad, mababanaagan ang ilang mapupulot na halagahan mula sa ganitong uri ng pagpuná.

Una, ang kahalagahan ng pag-unawa at pagiging bukás sa sariling konteksto at kasaysayan sa pagpuná. Bunga ng pagpapahalaga ni Abulad sa pagtataglay ng paninging makasaysayan na tinalakay natin, mababanaagan natin sa kanyang mga pagpuná na may pangangailangang mababad din táyo sa konteksto ng anomang bagay na pinupuná natin. Isa itong mahabang proseso na nararapat munang ilatag ang pundasyon at habiin ang kwento bago tumungo sa mismong pagpuná.

Pangalawa, ang kahalagahan ng isang pagpunang mula loob tungo sa labas. Tilabaga ipinamumukha ni Abulad ang kahalagahan ng pakikipagsapalaran sa internal nating mga pakikibaka—ang ating identidad, ang ating pagpapahalaga, ang ating pagkatao, ang ating mga pagpapasya't paninindigan—bago táyo tumungo at makiisa sa pakikibaka ng iba sa mas malawakang aspekto. Makikita sa pagtataguyod ni Abulad ng ganitong uri ng pagpuná na palagiang may paanyaya sa kanyang mga mambabasa na

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

samahan siyang pag-isipan ang mga hinahain niyang puná (at kung maaari, hamunin ang mga ito), sapagkat ang mga paksaing pinag-uusapan ay hindi nahihiwalay sa kanilang pareho, bagkus nararapat na pagsaluhan ang mga pinalutang niyang palaisipan.

At pangatlo, ang kahalagahan ng elemento ng optimismo. Taliwas sa karaniwang estruktura ng pagpuná na nagtatapos lámang sa pampupulbos o paghahamon, makikita natin sa mga pagpuna ni Abulad ang mga manipestasyon at kapagdaka, ang daloy ng optimismo't pag-ása sa kanyang mga akda, na isa sa pinakakatangi-tanging halagahang mababanaagan sa isang maka-Abulad na pagpuná. Alalaumbaga, ipinamukha ni Abulad sa kanyang optimismo ang kahalagahan ng pagtanaw natin sa liwanag—na hindi lamang layunin ng pilosoper na makiisa sa pag-aapuhap sa dilim ng kasalukuyan niyang kinasasadlakan, bagkus kinakailangan din niyang matutong tanawin ang liwanag na maaaring taglayin ng hinaharap, at kaakibat nito, ang tanganan din ang sulô upang gabayan ang ibang matanaw rin ang liwanag na ito.

Kung ilalarawan natin ang isang maka-Abulad na Pagpuná, maaari natin itong ilarawan bílang "Mga Puná tungo sa Pag-ása", sapagkat makikitang nakapaloob mismo sa mga katagang ito ang layunin ni Abulad sa kanyang mga pagpuná: ang pag-ása. Subalit, kung mailalarawan natin ang isang maka-Abulad na Pagpuna bílang "Mga Puná tungo sa Pag-ása", nararapat naman nating mailarawan ang kritisismo hinggil dito bílang "Mga Puná sa Pag-ása"—samakatuwid, mga pagpuná sa parehong pag-ása na nagsisilbing rurok ng isang maka-Abulad na pagpuná.

Tulad ng unang tinuran, tunay na may angking kahalagahan ang optimismo't pag-ása sa pagsisilbi bílang liwanag na maaaring tanawin sa hinaharap. Subalit makikita rin natin mismo sa mga pagpuná ni Abulad ang kahinaang maaaring taglayin nito. Isang maigting na halimbawa na lámang dito ang naging apolohiya ni Abulad sa rehimen ni Duterte lalo't higit sa giyera nito laban sa droga at ang mga kaakibat na *extra-judicial killings (EJKs)* ng giyerang ito. Maaaring sa optimistikong pagtanaw at pag-ása sa nais makamit ng krusadang ito, tila lumabo na ang pagtingin ni Abulad sa mga kasalukuyang pagpatay at pangyuyurak sa karapatang pantao na dinulot nito. Tunay ngang sa matagal na pagtitig sa liwanag, maaaring lumabo ang ating pagtingin sa ating paligid. Kung kayâ, marahil, nararapat lámang na may limitasyon din ang pagkakasangkapan ng pag-ásang ito—ng optimistikong pagtanaw na ito—upang maiwasang kumitid o lumabo ang ating pagtanaw sa kasalukuyang kinasasadlakan.

Sa madaling salita, makikita natin dito na bagaman may kaakibat na optimismo ang pagpuna, may kaakibat ding pagpuna ang optimismo. Subalit hindi iminumungkahi ng mga pagpunang ito na wala nang ambag at hindi na natin maaaring maikasangkapan ang isang maka-Abulad na pagpuná.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Samakatuwid, hinahámon lámang táyo ng ganitong pagpuná na maging mulát din sa mga limitasyong taglay nito.

Sa naging pagsusuri hinggil sa ambag ng isang maka-Abulad na Pagpuná sa Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino, ipinamukha sa atin ni Abulad ang kahalagahan ng pagkakaroon ng liwanag na maaaring matagpuan sa dulo ng ating mga pagpuná—isang liwanag na maaaring gumabay, subalit maaari ring bumulag. Kaakibat ng paglalantad na ito ang hámong mamulat táyo sa mga hangganan ng ganitong uri ng pagpuná at matutunan din natin kung paanong responsableng maikasangkapan ang elemento ng optimismong nakapaloob dito. Ipinapakita ng isang maka-Abulad na pagpuná na hindi salát sa kakayahang makapagpanday ng natatanging pamamaraang ng pagpuná ang ating mga Filipinong pilosoper. Bagaman hindi antagonistiko ang pagtanaw sa mga pagpunang may banyagang balangkas o apropyasyon ng mga banyagang teorya, maaaring makita bílang isang alternatibong pamamaraan ang iminumungkahing pamamaraan ng pagpuná ni Abulad—isang pamamaraang nanggagaling sa isang Filipinong pilosoper na makikitaan nating bagaman may impluwensyang Kantiano, Filipino naman ang lápat. Samakatuwid, maaaring magsilbi ang isang maka-Abulad na pagpuná bílang bukal ng isang uri ng pagpunang matatawag nating likás na mula sa atin, bunga ng isang kamalayang pumuná na tunay na nahulma, nababad, at nakiisa sa takbo ng panahong kinapalooban ni Abulad, ʻdi lámang bílang isang pilosoper, kundi lalo´t higit bílang isang Filipino.

Nasa kamay na ng mga kakasangkapan ng kanyang uri ng pagpuná ang responsibilidad ng pagmamaniobra ng liwanag na ito. Subalit bagaman mabigat ang responsibilidad na kaakibat nito, masasabi pa rin nating mas maigting pa rin ang pangangailangan nating makatanaw ng liwanag sa panahong ito, lalo't higit sa panahong ito. Ika nga ni Abulad, (at marahil, isa na ring paalala ito sa ating mga sarili ngayon) "narito ang hámon, nasa atin [na] ang tugon."[69]

*La Consolacion University Philippines, Malolos, Bulacan*
*The Graduate School,*
*University of Santo Tomas,*
*Manila, The Philippines*

## References

Abellanosa, Rhoderick John S., "Niccolo Machiavelli and the Possibility of the Post-political," sa *PHAVISMINDA Journal* (2019), 52–76.

[69] Abulad, "Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan," 46.

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Abulad, Romualdo E., "A Philosopher's View from EDSA," sa *Karunungan*, 18 (2001).

___________, "Ang Diwa at Kaisipan Ng Pilipino Sa Kasaysayan Ng Himagsikan," sa *Malay*, 5 (1986).

___________, "Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino," sa *Karunungan*, 8 (1991).

___________, "Ang Pulitika Ni Quezon Sa Pananaw-Pilosopo," in *Ang Pulitika Ni Quezon at Iba Pang Sanaysay,* ed. by Marcelino A. Foronda Jr. (Manila: De La Salle University, 1977).

___________, "Book Review: Explorations on Filipino Philosophy (2010) by Leonardo Mercado," sa *PHAVISMINDA Journal*, 9 (2010).

___________, "Contemporary Faces of Evil," sa *PAP Conference Papers III* (2008).

___________, "Contemporary Filipino Philosophy," sa *Karunungan*, 5 (1988).

___________, "Doing Philosophy in the Philippines: Towards a More Responsive Philosophy for the 21st Century," sa *Suri* 5:1 (2016).

___________, "Ethics, Indigenous Ethics, and the Contemporary Challenge: Attempt at a Report on Ethics for the Filipino Today," sa *Scientia*, 8:1 (2019).

___________, "Filipino Postmodernity: Quo Vadis?," sa *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 13:2 (2019).

___________, "Freedom in Times of Crisis," sa *UNITAS* 74:1 (March 2001).

___________, "Kant and Postmodernism," sa *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2004).

___________, "Kant and the Filipino Quest for a Philosophy," sa *Sophia*, 11 (1981).

___________, "Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy," sa *Sophia*, 16 (1986).

___________, "Kant for Filipinos," sa *Sophia*, 16 (1986).

___________, "Martial Law and Religion," sa *Scientia*, 6:2 (2017).

___________, "Mga Puna Tungo Sa Pag-asa," sa *Daop Diwa*, 2 (1978).

___________, "Nature, Nation and Philosophy," sa *Diwa*, 40 (2015).

___________, "Options for a Filipino Philosophy," sa *Karunungan*, 1 (1984).

___________, "Origen's Contra Celsum: A Touch of Postmodernism," sa *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2004).

___________, "Philosophy after Kant," sa *Diwa* 39:1-2 (2014).

___________, "Philosophy and Politics: Do They Mix?," sa *PHAVISMINDA Journal*, 8 (2009).

___________, "Pilipino Sa Pilosopiya," sa *DLSU Dialogue*, 11:1 (1976).


© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

__________, "Pilosopiyang Pinoy: Uso Pa Ba? The Relavance of Filipino Philosophy in Social Renewal," sa *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 13:2 (2019).

__________, "Post-Machiavelli," sa *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2004).

__________, "Postmodern Critique and the Ethics of Postmodernism," sa *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2004).

__________, "Science, Philosophy and Religion," sa *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2004).

__________, "Si Kant at Ang Pilosopiya Sa Pilipinas," sa *Malay*, 1 (1981).

__________, "The Filipino as a Philosopher in Search of Originality," sa *Karunungan*, 2 (1985).

__________, "The Future of Ethics: A Postmodern View," sa *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2004).

__________, "The Relevance of Critical Thinking in Contemporary Philippine Society," sa *Scientia* 6:1 (2017).

__________, "What is Postmodernism?," sa *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2004).

__________, "Why President Duterte Could Be Correct," sa *King's Clarion* (17 June 2016).

Abulad, Romualdo E., and Alfredo P. Co, *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism* (Manila: UST Publishing House, 2004).

Bolaños, Paolo A., "Introduction to the Special Tribute Section: Abulad, Philosophy, and Intellectual Generosity," sa *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 13:2 (2019), 1–15.

Co, Alfredo P., "Doing Philosophy in the Philippines: Fifty Years Ago, Fifty Years from Now," sa *Across the Philosophical Silk Road: A Festschrift in Honor of Alfredo P. Co*, Vol. VI (Manila: UST Publishing House, 2009).

__________, "In the Beginning... A Petit Personal Historical Narrative of the Beginning of Philosophy in the Philippines," sa *Doing Philosophy in the Philippines and Other Essays, by Alfredo P. Co* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2009).

de Leon, Emmanuel "An Interview with Romualdo Abulad, SVD," sa *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 10:1 (2016).

__________, *Mga Tomasino Sa Pilosopiyang Filipino* (Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2019).

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

___________, "Sulyap Sa Kritisismo Ni Romualdo Abulad Sa Pamimilosopiyang Filipino," sa *Hasaan* (2019), 26–38.

Demeterio, Feorillo Petronillo, III, "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy," sa *HINGOWA: The Holy Rosary Seminary Journal*, 8:2 (2003), 45–73.

Festin, Raymun J., "Duterte, Kant, and Philosophy," sa *PHAVISMINDA Journal*, 16 & 17 (2018), 61–96.

Imbong, Regletto Aldrich D., "Abulad's Post-Machiavelli and his Apology for Duterte," sa *PHAVISMINDA Journal* (2019), 77–99.

Mercado, Leonardo N., *Elements of Filipino Philosophy* (Quezon City: Divine Word University Publications, 1993).

___________, "Why I Started to Write on Filipino Philosophy," sa Leonardo N. Mercado, *Essays on Filipino Philosophy* (Quezon City: Logos Publications Inc., 2005).

Mojares, Resil B., *Interrogations in Philippine Cultural History* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017).

Nakpil-Zialcita, Fernando, "Mga Anyo ng Pilosopiyang Filipino," sa *Mga Babasahin sa Pilosopiya: Epistemolohiya, Lohika, Wika, at Pilosopiyang Pilipino, by Virgilio Enriquez* (Manila: Philippine Psychology Research and Training House, 1983).

Quito, Emerita S., "Pulong-Isip: Meeting of Filipino Minds," sa *Karunungan*, 3 (1986), 1–11.

___________, *The State of Philosophy in the Philippines* (Manila: De La Salle University Research Center, 1983).

© 2026 Mariefe B. Cruz
https://doi.org/10.25138/19.3.a10
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/cruz_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND